



1 Kapos man sa tubig, palay pwede pa rin itanim

2
3 Ang palay ay nangangailangan ng mas maraming tubig kumpara sa ibang
4 halaman. Pero, paano kung kulang ang patubig sa palayan? Maaari pa rin ba
5 tayong magtanim ng palay?

6
7 Tinatayang tatlumput pitong porsyento ng palayan sa Pilipinas ay umaasa
8 lamang sa tubig-ulan. Ngunit, sa pananaliksik ng ating mga eksperto ay nabuo
9 ang paraan ng pagpapalayan sa mga lugar na kapos sa tubig. Ito ay ang
10 tinatawag na Aerobic Rice technology.

11
12 Ayon kay Dr. Josie Valdez, Presidente ng Bulacan Agricultural State College,
13 ang Aerobic Rice Technology ay mainam sa mga sakahang sahod-ulan, duluhan
14 ng mga sakahan na may patubig, at matataas na palayan na walang pilapil. Sa
15 tamang pag-aalaga, maaaring umani ng hanggang 4-6 tonelada kada ektarya.

16
17 Marami na ang mga magsasakang nakasubok ng Aerobic Rice Technology, sila
18 ay nagpatunay na ang dating isang beses na pagtatanim ng palay kada taon ay
19 dalawang beses na ngayon. Ayon kay Mang Lauro Garcia ng San Ildefonso,
20 Bulacan ay mas nakatipid pa siya sa gastusin ng pagpapatubig at pag-upa sa
21 mga tao! Mula naman kay Ricardo Bueno ng Ilagan City, Isabela, ayon sa kanya
22 ay naging mas matibay ang kanyang pananim na at mais. Dagdag pa niya na
23 Hunyo pa lang ay nakapagtatanim na siya ng mais dahil nabubuhay na ang
24 kanyang mga tanim kahit kaunti pa lang ang tubig.

25
26 Maaaring gamitin ang mga barayting PSB Rc9, NSIC Rc192, Rc23, Rc280, Rc284,
27 at iba pa sa teknolohiyang Aerobic Rice technology.

28
29 Simple lamang ang pagsasagawa ng Aerobic Rice Technology. Araruhin at
30 suyurin ang tuyong lupa gamit ang traktora, araro, o kalabaw. Para sa direktang
31 pagtatanim, gumamit ng 800-100 kilo ng binhi kada ektarya, 100 kilo naman
32 para sa sabog-tanim. Iminumungkahi ang 2-3 sentimetrong lalim ng mga tudling
33 na may pagitan na 25-35 sentimetro para sa direktang pagtatanim.

34
35 Kung ang lupa ay tuyo matapos ang pagtatanim, patubigan ito upang
36 makatulong sa pagtubo ng binhi. Lingguhang patubigan ang palayan sa lalim na
37 dalawa hanggang limang sentimetro kung tag-araw. Habang sumasapaw naman
38 ang palay, patubigan ang mga ito sa lalim na lima hanggang pitong sentimetro
39 sa loob ng sampo hanggang labing apat na araw.

40



41 Matapos ang unang pagpapatubig, mag-spray ng *pre-emergence* na pamatay-
42 damo. Muling mag-spray ng post-emergence herbicide, sampu hanggang
43 labingdalawa araw matapos sumulpot ang tubo ng binhi. Tandaan lamang na
44 ugaliing damuhan nang regular ang inyong palayan.

45
46 Matapos ang pag-isprey ng *post-emergence*, gambulan ang pagitan ng mga
47 tudling. Karaniwang nasa 25 hanggang 30 araw na ang gulang nito matapos
48 tumubo.

49
50 Mag-aplay ng tatlong bag na *complete fertilizer* sa ika-sampu hanggang labing
51 limang araw matapos sumulpot ang tubo ng binhi. Sabugan din ng tatlong bag
52 na Ammonium sulfate o isa at kalahating bag ng urea ang 25 hanggang 30 araw
53 matapos tumubo kung ang gagamiting barayti ay paaga o early maturing. Kung
54 ang binhi naman ay pahuli o late maturing, isabog lamang ang Urea kung ang
55 punla ay nasa tatlumpo hanggang tatlumpot lima araw na ito matapos tumubo.

56
57 Upang maging mataas ang kalidad ng bigas na aanihin, siguruhing tama ang
58 paraan ng pag-ani, paggiik, pagbibilad, pag-imbak, at paggiling ng mga ito.

59
60 Para sa karagdagang impormasyon, magtext o tumawag sa PhilRice text center
61 bilang 0920 911 1398.

62